

Ang Komisyon ng Enerhiya ng California

Pamumuhunan sa mga Pagbabago sa Enerhiya

Mula pa noong 1975, ang Komisyon ng Enerhiya ng California ay may maunlad na pagbabago sa kanyang mga programa ng pananaliksik, pag-unlad, at pagpapakilala sa enerhiya (RD&D) sa pamamagitan ng pamumuhunan ng milyun-milyong dolyar sa mga teknolohiya upang mapaunlad ang mga sistema ng enerhiya ng California at mga mapagkukunan. Ang gawaing ito ay nagsusulong sa agham at teknolohiya sa kahusayan ng enerhiya, napanunumbalik na enerhiya, maunlad na teknolohiya, proteksyon sa kapaligiran na may kaugnayan sa enerhiya, at paghahatid at pamamahagi, at teknolohiya sa transportasyon.

Ang Komisyon ng Enerhiya ang nagtatala ng mga negosyo, manggagawa, kompanya ng enerhiya, grupo ng pampublikong pagtataguyod, at world class na siyentipiko sa mga unibersidad ng California at pambansang mga laboratoryo upang tumulong na makamit ang mga pambihirang tagumpau sa teknolohiya. Ang mga pampublikong sektor sa pamumuhunan na ito ay nakakaakit ng makabuluhang pag-aasikaso ng pagpopondo na nagpapakilos sa California tungo sa malinis na enerhiya sa hinaharap at ginagawang mas mura, mas maaasahan at mas ligtas ang kuryente at likas na gas.

Makabagong Paraan ng Pagmamaneho

Ang enerhiya na ginagamit namin at ang paraan ng paggamit nito ay mabilis na nagbabago. Para sa sistema ng kuryente sa California na tumalon mula sa isang sinauna, halos 100-taong-gulang na sistema tungo sa isa sa mas malinis at mas mahusay na sistema na nagpabuti ng pagiging maaasahang serbisyo, abot-kaya, at ligtas sa publiko, higit pang mga pagbabago ang kinakailangan.

Ang mga pamumuhunan sa Komisyon ng Enerhiya ay susi sa pagkuha ng pribadong pagpopondo. Ang pamumuhunan ng mga pampublikong sektor ng Komisyon ng Enerhiya ay nagbibigay ng patnubay at mga hudyat sa merkado na nakatali sa mga patakaran ng estado, sa gayon ang pagbabahagi ng resulta sa malawakan at pagbabawas ng pangangailangan ng mga innovator upang “muling imben-tuhin ang gulong.” Binabawasan nila ang panganib sa mga mamumuhunan at pinapabilis ang landas tungo sa merkado para sa mga umuusbong na teknolohiya sa pamamagitan ng pagtugon sa mga hadlang at pagsuporta sa mga proyekto sa pamamagitan ng tubo ng pagbabago ng enerhiya. Ang mga estado na nagpopondo sa pananaliksik ng malinis na enerhiya ay mas malamang na makaakit ng sapalarang puhunan kaysa sa mga estado na hindi gumagawa nito.

Pagkilos para sa Pagbabago

Ang mga makabagong ideya na pinondohan ng Komisyon ng Enerhiya ay nakalikha ng bilyun-bilyong dolyar sa pagtitipid ng enerhiya para sa mga nagbabayad ng singil sa California, sinusuportahan ang paglikha ng mga bagong negosyo at libu-libong trabaho, at nakaakit ng higit sa \$1.4 bilyon sa pribado at pederal na pamumuhunan.

Sa pamamagitan ng pamumuhunan nito, tinutulungan ng Komisyon ng Enerhiya na mabuhay muli ang malinis na enerhiyang ekonomiya ng California. Ito ay binubuo ng zero-net-energy na gusali, mataas na enerhiya-mahusay na, low-carbon na nalilikha, napapanatiling sistema ng bioenergy, mas naipapamahagi na enerhiya at nadagdagan na pagpapakuyeryente na transportasyon, ang lahat ng su-

portado ng highly flexible at robust distribution at transmission infrastructure.

Pagtutok sa mga Lugar ng Kritikal sa Pananaliksik

Ang programa ng Komisyon ng Energy RD & D ang nagsisilbing tulay sa pagitan ng laboratoryo at ng merkado. Ang mga proyekto ay nakatuon sa mga teknolohiya na nagpoprotekta sa malinis na hangin at tubig at sa paggawa ng enerhiya na mas ligtas at mas maaasahan. Kabilang dito ang:

- » Pangunguna sa pagtatayo ng mahusay na enerhiya RD&D.
- » Pagtataguyod ng kahusayan sa enerhiya sa industriya, agrikultura at tubig, at tugon sa pangangailangan RD&D.
- » Pamamahala ng napanunumbalik na enerhiya at maunlad at malinis na paglikha RD&D, transportasyon RD&D, at pananaliksik para sa mas mabuting pagkaunawa ng epekto sa kapaligiran ng produksyon ng enerhiya.
- » Pagbabantay sa RD&D sa paghahatid at pamamahagi, matalinong grid, imbakan, at iba pang imprastruktura na sumasama sa napanunumbalik na enerhiya at iba pang mga pagpapaunlad sa aming sistema ng kuryente.
- » Pagtanggap ng mga hindi teknikal na hadlang sa lumitaw na solusyon para sa malinis na enerhiya. Kabilang dito ang pagbibigay ng tulong sa komersyalisasyon sa mga negosyante, pamumuhunan sa sinanay at dalubhasang manggagawa, at pagtulong upang mapagtagumpayan ang mga regulasyon o pagpapahintulot ng mga hadlang na maaaring magpatigil sa proyekto.

Pagbabagong- anyo ng Sistema ng Elektrisidad

Ang Komisyon ng Enerhiya ay namuhunan ng mahigit sa \$100 milyon sa isang taon para sa proyekto na sistema ng kuryente RD & D sa pamamagitan ng Electric Program Investment Charge (EPIC). Ang tatlong sa pinakamalalaking kumpanya ng California na pagmamay-ari ng investor-owned utilities (IOUs) at ang Komisyon ng Enerhiya ang gumamit ng pondong ito para sa mga makabagong proyekto na nagbibigay ng mas ligtas, mas mura, mas malinis, at mas mahusay at maaasahang kuryente sa mga nagbabayad ng singil sa IOU.

Ang mga pamumuhunan ng California ay sumusunod sa estratehikong pagbabago na programa na ang nilalayan ay ang mapanganib na puwang sa pagpopondo at makatulong sa pagdadala ng mga solusyon sa merkado sa pamamagitan ng:

- » Pagtutok sa pagpapatunay ng mga bagong ideya at teknolohiya.
- » Pagpapakita ng mga teknolohiya sa mga praktikal na aplikasyon..
- » Pagtuon ng pansin sa mga hindi teknikal na mga hadlang tulad ng regulasyon, merkado, at mga hadlang sa trabaho upang ang mga napatunayang solusyon ay maaaring i-deploy.

Pagsusulong ng sistema sa Likas na Gas

Ang programa sa Likas na gas RD&D ng Komisyon ng Enerhiya ay nagpopondo ng mga makabagong proyekto upang mapabuti ang sistema ng gas at teknolohiya ng estado. Ang

kabuuang pamumuhunan na ito ay mahigit sa \$20 milyon sa isang taon at makadagdag sa mga pagpapahusay ng sistema ng kuryente upang mabawasan ang paggamit ng enerhiya at gastos, mapabuti ang kahusayan at kaligtasan, at mabawasan ang kaugnay na mga epekto sa kapaligiran.

Pagtataguyod ng Pagbabago: Pagpapalano ng Pananaliksik, Pagpapatupad at Tagumpay

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nakatuon sa isang malinaw at pampublikong proseso sa lahat ng mga yugto ng pamamahala ng RD & D, kabilang ang pagpapaunlad ng plano ng pamumuhunan at pag-pagpayag, pangangalap, at pag-apruba at pamamahala ng proyekto. Ang Komisyon ng Enerhiya ay nakatuon din sa pagsama sa maliliit na negosyo, kababaihan, minorya, at mga may kapansanang beterano sa mga makabagong proyekto nito sa enerhiya.

Pinagkakapuri ng Komisyon ng Enerhiya ang kanilang mga programang RD&D na nakilala sa bansa sa kanilang mga tagumpay. Sa katunayan, tinatangkilik ng mga taga-California ang mga benepisyo ng ligtas, malinis, mahusay, at maaasahang serbisyo ng kuryente at likas na gas dahil sa malaking bahagi sa teknolohiyang nagsulong na nakamit sa pamamagitan ng pagtutulungan ng programang RD&D.

Edmund G. Brown Jr.
Governor

Robert B. Weisenmiller, Ph.D.
Chair

Drew Bohan
Executive Director

Commissioners
Karen Douglas, J.D.
David Hochschild
J. Andrew McAllister, Ph.D.
Janea A. Scott, J.D.



**CALIFORNIA
ENERGY COMMISSION**